# Sitwasyon, Bahagi 1

Si Luis ay halos dalawang taon nang nakauwi mula sa misyon. Dahil inaalala niya ang pagtataguyod sa magiging pamilya niya balang araw, nagpasiya siyang magtrabaho nang part time habang nag-aaral. Limitado ang kanyang oras, ngunit masaya siyang dumadalo sa lingguhang klase sa institute at inuuna ito. Tumitingin paminsan-minsan si Luis sa social media at naglalaro ng mga games sa bus o bago magklase. Kaunti pa lang ang nakikilala niyang mga dalaga mula nang makauwi siya. Sinabi niya sa kanyang pamilya na sa palagay niya ay mas magandang makatapos muna siya ng pag-aaral bago niya seryosohing pag-isipan ang pag-aasawa. Iniisip niya na kung itinakda na makakapag-asawa siya, mangyayari iyon.

Si Emma ay dumadalo sa klase ng institute na dinadaluhan din ni Luis ngunit hindi pa niya ito nakikilala. Karaniwang nakaupo siya sa tabi ng kanyang mga kaibigan at bihirang makipag-usap sa iba. Wala siyang interes na makipagkilala at makipagdeyt sa sinumang lalaki. Nag-aalala siya na kung magsisimula siya ng bagong relasyon, matatapos din ito, tulad ng nangyari sa kanyang dating mga relasyon. Pagod na ang kanyang damdamin at hindi pa niya kayang pumasok sa isa na namang relasyon. Nakatapos na siya ng pag-aaral isang taon na ang nakararaan at may full-time na trabaho. Nag-aalala siya na baka hindi na niya makilala ang kanyang tunay na mamahalin o hindi na siya mabubuklod sa templo at iniisip kung dapat ba siyang makipagdeyt sa isang hindi miyembro ng Simbahan.

Matapos basahin nang sama-sama ang sitwasyon, talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang masasabi ninyo sa mga alalahanin nina Luis at Emma?
- Isinasaisip ang natutuhan natin mula sa bahagi 1 ng materyal sa paghahanda, anong payo ang maaaring makatulong kay Luis? Anong payo ang maaaring makatulong kay Emma?
- Kung hindi pa ninyo natatalakay ang mga sumusunod na scripture passage sa inyong grupo, sama-samang basahin ang mga ito at talakayin kung paano ito maiuugnay kina Luis at Emma: Mga Kawikaan 3:5–6; 2 Nephi 22:2; Doktrina at mga Tipan 58:26–28. Paano ninyo nagamit o paano kayo mananampalataya sa Panginoon sa inyong mga pagsisikap na makahanap ng makakasama sa kawalang-hanggan?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.